


# The City Gazette



PUBLISHED BY THE  
OFFICE OF THE MAYOR OF THE CITY OF

Edited by FELICIA L. GAMBOA

(Twenty-five centavos the copy)

## CITY ORDINANCES

No. 67. REGULATING AND IMPOSING LICENSE FEES ON THE BUSINESS OF UNDERTAKING AND EMBALMING DEAD HUMAN BODIES.

No. 71. PROHIBITING THE REMOVAL OR DEMOLITION OF HOUSES IN THE CITY OF MANILA WITHOUT PERMIT FROM THE MAYOR.

No. 72. REGULATING THE INSTALLATION AND OPERATION OF STEAM BOILERS, INTERNAL COMBUSTION ENGINES, AND MACHINERY AND PROVIDING INSPECTION FEES FOR THE ISSUANCE OF CERTIFICATES THEREOF AND FOR SURCHARGE IN CASE OF DELINQUENCY IN THE PAYMENT OF FEES, AND FOR OTHER PURPOSES.

No. 73. REGULATING THE DISPOSAL OF DEAD ANIMAL BODIES.

MEMORANDUM FOR ALL DISTRICT CHIEFS AND THE METROPOLITAN CONSTABULARY COMMANDER.

*Manila, Philippines*

# OFFICIAL DIRECTORY

## THE CITY

Hon. LEON G. GUINTO, *Mayor*—Tel. 2-31-30  
Hon. JOSE FIGUERAS, *Assistant Mayor*—Tel. 2-14-78  
Mr. PACIFICO ALVANO, *Secretary to the Mayor*—Tel. 2-14-42  
Mr. VICTOR ALFONSO, *City Treasurer*—Tel. 2-25-21  
Mr. JULIO FRANCIA, *City Assessor*—Tel. 2-42-38  
Mr. ALEJO MABANAG, *City Fiscal*—Tel. 2-18-43  
Dr. MARIANO C. ICASIANO, *City Health Officer*—Tel. 2-39-88  
Mr. VICENTE OROSA, *City Engineer and Architect*—Tel. 2-55-07  
Mr. JACINTO LORENZO, *Fire Brigade Commander*—Tel. 2-26-41  
Mr. NUMERIANO ROJAS, *City Auditor*—Tel. 2-18-24  
Mr. ANTONIO C. TORRES, *Metropolitan Constabulary Commander*—Tel. 2-08-76  
Dr. CECILIO PUTONG, *Superintendent of City Schools*—Tel. 2-25-24

## CITY BOARD

Hon. LEON G. GUINTO, *Chairman*  
Hon. JOSE FIGUERAS  
Mr. VICTOR ALFONSO  
Mr. JULIO FRANCIA  
Mr. ALEJO MABANAG  
Dr. MARIANO C. ICASIANO  
Mr. VICENTE OROSA  
Mr. JACINTO LORENZO  
Dean FRANCISCO BENITEZ—Tel. 6-86-42  
Mr. TORIBIO TEODORO—Tel. 4-65-31 or 4-67-74  
Mr. VALERIANO FUGOSO—Tel. 2-76-78  
Dr. VALENTIN AFABLE—Tel. 2-12-69  
Mr. JOSE TOPACIO NUENO—Room 202, Roces Bldg.

## DISTRICT CHIEFS

Mr. ANTONINO FAJARDO, *Chief, Division of Districts, and of District and Neighborhood Associations*—Tel. 2-11-96  
Mr. EUSTAQUIO BALAGTAS, *Bagumbayan*—Tel. 5-66-41  
Mr. ROBERTO TEODORO, *Bagungdiwa*—Tel. 5-33-20  
Mr. BARTOLOME GATMAITAN, *Bagumbuhay*—Tel. 4-90-25  
Mr. RUPERTO CRISTOBAL, *Bagumpanahon*—Tel. 2-66-61  
Mr. SABINO DE LEON, *Balintawak*—Tel. 2-42-94 (Local 2)  
Dr. FLORENCIO Z. CRUZ, *Diliman*—Tels. 6-89-23; 6-88-27  
Mr. CORNELIO CORDERO, *Caloocan*—Tel. Dial 40. Ask for 505  
Mr. AQUILINO DE GUZMAN, *San Juan*—Tel. 6-88-67  
Mr. PEDRO P. CRUZ, *Mandaluyong*—Tel. 6-74-26  
Mr. JOSE D. VILLENA, *Makati*—Tel. 5-35-87  
Mr. ENRIQUE T. MANALOTO, *Pasay*—Tel. 5-19-31  
Dr. JUAN GABRIEL, *Parañaque*—Tel. 5-10-30

## OTHER OFFICES

Mr. EDUARDO QUINTERO, *General Supervisor, Kalibapi Manila Chapter*—Tel. 2-13-17  
Mr. ENRIQUE MAGALONA, *Chairman, House Rentals Committee*—Tel. 2-36-47

## HEALTH CENTERS

Aurora: Dr. A. Mascardo, 404 Tayuman  
Baclaran: Dr. A. Rodriguez, Real Street  
Balic-Balic: Dr. A. Ramos, 1153 G. Tuason—Tel. 6-63-16  
Balut: Dr. L. Manotok-Gonzales, Isla de Balut—Tel. 4-61-50  
Baranca: Dr. M. Cardenas  
Barrio Obrero: Dr. P. del Rosario, 39 G. Santiago—Tel. 4-65-63  
Bilbao: Dr. C. Ferraren, Solomon Temple—Tel. 4-83-85  
Caloocan: Dr. J. Concepcion, 18 Zamora—Tel. Dial 40. Ask for 537  
Cubao: Dr. M. Cardenas  
Dagupan: Dr. L. Lopez-Esguerra, 1327 Dagupan—Tel. 4-73-27  
Diliman: Dr. F. Z. Cruz, Municipal Building—Tel. 6-88-27  
Dimasalang: Dr. J. O. Medalla, 1378 Cavite St.—Tel. 2-90-42  
Doña Aurora: Dr. P. R. Cruz, 627 Velasquez—Tel. 4-82-19  
Esperanza (Sta. Mesa): Dr. J. D. Bautista, Sta. Mesa—Tel. 6-62-67  
Forbes: Dr. A. Tenmatay, Forbes, Sampaloc  
Gagalangin: Dr. S. Avendaño, 1957 J. Luna—Tel. 4-62-34  
Galas: Dr. M. Afable, G. Tuason Extension  
Galicia: Dr. J. de Guia, Galicia  
Geronimo: Dr. D. Cabreira, 78 Gral. Geronimo—Tel. 6-78-52  
Guadalupe: Dr. R. Manas, 96th St., Guadalupe  
Intramuros and Ermita: Dr. J. Dytuanco, 201 Magallanes, W. C.—Tel. 2-51-47  
Jolo: Dr. R. Bernardo, Mandaluyong  
J. Vicencio: Dr. A. Pabelico, A. Bautista—Tel. 6-63-28  
La Loma: Dr. F. Bautista, Retiro Street  
Mabini: Dr. R. Delgado, Mabini Elementary School Building—Tel. 2-66-61  
Makati: Dr. R. Manas, Municipal Building—Tel. 5-67-25  
Malacañan: Dr. F. Hernando, Malacañan Annex—Tel. 2-24-91  
Malamig: Dr. P. Buenafe, 9 Baco  
Malate: Dr. E. Fink, 481 San Andres—Tel. 5-53-34  
Mandaluyong: Dr. R. Bernardo, Municipal Building—Tel. 6-74-26

# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT

## CITY ORDINANCES

ORDINANCE No. 67

REGULATING AND IMPOSING LICENSE FEES ON THE BUSINESS OF UNDERTAKING AND EMBALMING DEAD HUMAN BODIES.

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. *Permit: license.*—No person or entity shall open and/or operate any establishment for the purpose of engaging in the business of undertaking or embalming without first having obtained a permit from the Mayor which shall be issued upon payment of a fee of five pesos, and a license from the City Treasurer which shall be issued upon presentation of such permit.

SEC. 2. *License fees.*—There shall be paid for every license issued to persons engaged in the business of undertaking or embalming an annual license fee as follows:

### BAGUMBAYAN, BAGUNGIWA, BAGUMBUHAY AND BAGUMPANAHON DISTRICTS

<i>Class A</i> —Undertakers with embalming establishments and depositing corpses in their funeral parlors and rendering funeral services by any kind of transportation .....	₱400.00
<i>Class B</i> —Undertakers rendering funeral services only by any kind of transportation .....	200.00
<i>Class C</i> —Undertakers rendering funeral services only by animal-drawn vehicles .....	75.00
<i>Class D</i> —Undertakers serving coffins not drawn by animals or motor .....	50.00

### BALINTAWAK, DILIMAN, CALOOCAN, SAN JUAN, MANDALUYONG, MAKATI, PASAY AND PARAÑAQUE DISTRICTS

<i>Class A</i> —Undertakers with establishments for embalming and depositing corpses in their funeral parlors and rendering funeral services by any kind of transportation .....	₱200.00
--	---------

KAUTUSANG BLG. 67

NA NAGTATADHANA NG PAMALAKAD AT NAGPAPATAW NG BUWIS SA LISENSIYA SA HANAPBUHAY NA PAGBUBUKAS NG PUNERARYA AT PAG-EMBALSAMA SA BANGKAY NG TAO.

SA bisa ng kapangyarihang kaloob sa aking pagkakalalagay bilang Alkalde ng Siyudad ng Maynila, at matapos makasangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinaguutos na:

TUNTUNING 1. *Pahintulot: lisensiya.*—Walang sino mang tao o samahang makapagbubukas at/o makapagtataguyod ng ano mang tanggapan sa layong harapin ang hanapbuhay na pagkakaroon ng punerarya o pag-embalsama nang hindi muna nakapagtatamo ng isang pahintulot buhat sa Alkaldeng ipagkakaloob sa pagbabayad ng isang buwis na limang piso, at isang lisensiya buhat sa Tagaingatyan ng Siyudad na ipagkakaloob sa paghaharap ng nabanggit na pahintulot.

TUNT. IKA-2. *Buwis sa lisensiya.*—Pagbabayaran ang bawat lisensiyang ipagkaloob sa mga taong nagtataguyod ng hanapbuhay na pagbubukas ng punerarya at pag-embalsama ng isang taunang buwis sa lisensiyang gaya ng sumusunod:

### SA MGA PUROK NG BAGUMBAYAN, BAGUNGIWA, BAGUMBUHAY AT BAGUMPANAHON

<i>Uring A</i> —May puneraryang nag-eembalsama at burulan ng mga bangkay sa kanilang punerarya at nagdudulot ng paglilingkod sa paglilibing sa pamamagitan ng ano mang uri ng sasakyan .....	₱400.00
<i>Uring B</i> —May puneraryang nagdudulot ng paglilingkod sa paglilibing lamang sa pamamagitan ng ano mang uri ng sasakyan....	200.00
<i>Uring C</i> —May puneraryang nagdudulot ng paglilingkod sa paglilibing lamang sa pamamagitan ng sasakyang hila ng hayop .....	75.00
<i>Uring D</i> —May puneraryang naglilingkod ng kabaong na hindi hila ng hayop o sasakyang may makina .....	50.00

### SA MGA PUROK NG BALINTAWAK, DILIMAN, KALOOKAN, SAN JUAN, MANDALUYONG, MAKATI, PASAY AT PALANYAG

<i>Uring A</i> —May puneraryang nag-eembalsama at may burulan ng mga bangkay sa kanilang punerarya at nagdudulot ng paglilingkod sa paglilibing sa pamamagitan ng ano mang uri ng sasakyan .....	₱200.00
--	---------

<i>Class B</i> —Undertakers rendering funeral services only by any kind of transportation .....	100.00
<i>Class C</i> —Undertakers serving coffins drawn by animals only .....	25.00
<i>Class D</i> —Undertakers selling or serving coffins not drawn by animals or motor .....	12.00

SEC. 3. *Exemptions.*—The Department of Anatomy, College of Medicine, University of the Philippines, is hereby exempted from the payment of the embalming municipal license fees as provided for in this Ordinance: *Provided*, That the embalming of the cadavers made therein shall be solely for scientific studies and not for business purposes.

SEC. 4. *Penalties.*—Any person who shall violate any of the provisions of this Ordinance shall be punished by a fine of not more than two hundred pesos or by imprisonment for not more than two months, or by both such fine and imprisonment, in the discretion of the court, for each offense.

SEC. 5. *Repealing clause.*—Sections 781, 782, and 783 of Ordinance No. 1600, known as the Revised Ordinances of the City of Manila, and all ordinances or parts thereof in force in the other component parts of the City, which are inconsistent with the provisions of this Ordinance, are hereby repealed.

SEC. 6. *Effectivity.*—This Ordinance shall take effect on the 14th day of October, 1943.

Done in the City of Manila, this 26th day of August, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO  
Mayor

ORDINANCE No. 71

PROHIBITING THE REMOVAL OR DEMOLITION OF HOUSES IN THE CITY OF MANILA WITHOUT PERMIT FROM THE MAYOR.

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. It shall be unlawful for any person to demolish or remove wholly or partly any house or building in the City of Manila.

SEC. 2. Notwithstanding the provisions of the next preceding section, the Mayor may grant permit for total or partial demolition or removal of any house or building upon recommendation of the City Engineer and Architect.

SEC. 3. Such permit may be issued only in the following cases:

<i>Uring B</i> —May puneraryang nagdudulot ng paglilingkod sa paglilibing lamang sa pamamagitan ng ano mang uri ng sasakyan ....	100.00
<i>Uring C</i> —May puneraryang nagdudulot ng paglilingkod sa paglilibing lamang sa pamamagitan ng sasakyang hila ng hayop .....	25.00
<i>Uring D</i> —May puneraryang naglilingkod ng kabaong na hindi hila ng hayop o sasakyang may makina .....	12.00

TUNT. IKA-3. *Matatangi.*—Ang Kagawarang ng Anatomy, Paaralan ng Panggagamot, Unibersidad ng Pilipinas, sa pamamagitan nito ay itinatangi sa pagbabayad ng buwis sa lisenasyang munisipal sa pag-eembalsamang gaya ng tinatadhana ng Kautusang ito: *Nguni'y dapat matalastas*, Na ang pag-eembalsama ng mga bangkay na ginawa riyan ay dapat na nauukol lamang sa pagsusuring ayon sa karunungan at hindi sa layong paghahanapbuhay.

TUNT. IKA-4. *Mga parusa.*—Sino mang taong lumabag sa alin man sa mga tadhana ng Kautusang ito ay parurusahan ng isang multang hindi hihigit sa dalawang daang piso o ng pagkabilanggong hindi hihigit sa dalawang buwan, o ng magkalakip na multa at pagkabilanggo, ayon sa marapatin ng hukuman, sa bawa't isang pagkakasala.

TUNT. IKA-5. *Tadhanang nagpapawalang bisa.*—Ang mga tuntuning ika 781, 782 at 783 ng Kautusan Blg. 1600, na kilala sa tawag na Sinuring mga Kautusan ng Siyudad ng Maynila, at lahat ng mga kautusan o bahagi niyang umiiral sa ibang bahagi ng Siyudad, na sumasalungat sa mga tadhana ng Kautusang ito, ay pinawawalang bisa sa pamamagitan nito.

TUNT. IKA-6. *Pagkakabisa.*—Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa ika-14 araw ng Oktubre, 1943.

Inilagda sa Siyudad ng Maynila, ngayong ika-26 araw ng Agosto, 1943.

(May lagda) LEON G. GUINTO  
Alkalde

KAUTUSANG BLG. 71

NA NAGBABAWAL NG PAGPAPAGIBA O PAGBUHAT NG MGA BAHAY SA SIYUDAD NG MAYNILA NANG WALANG PAHINTULOT NA BUHAT SA ALKALDE.

SA bisa ng kapangyarihang kaloob sa aking pagkakalagay bilang Alkalde ng Siyudad ng Maynila, at matapos makasanguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. Magiging labag sa batas sa sino mang taong gumiba o bumuhay ng buo o bahagi ng alin mang bahay o gusali sa Siyudad ng Maynila.

TUNT. IKA-2. Sa kabila ng mga tadhana ng sinusundang tuntunin, ang Alkalde ay maaaring magkaloob ng pahintulot sa buo o bahaging pagpapagiba o pagbuhay ng alin mang bahay o gusali, sa tagubilin ng Inheniero at Arkitekto ng Siyudad.

TUNT. IKA-3. Ang nasabing pahintulot ay maaaring ipagkaloob lamang sa sumusunod na pangyayari:

(a) When the house or dwelling is found to be in unsafe condition and its demolition is necessary in the interest of public safety.

(b) When by affidavit of the owner or his agent the house or building is to be demolished for the purpose of repairing or reconstructing the same.

SEC. 4. No permit shall be granted under paragraph (b) of the next preceding section unless the applicant files a bond equal to the value of the materials to be demolished or removed as appraised by the City Engineer and Architect. Said bond shall be forfeited in favor of the City of Manila should the holder of the permit fail to repair or reconstruct the house within three months from the date of demolition or removal. This period may be extended by the Mayor as the circumstances may require.

SEC. 5. If any person is found removing or demolishing any house or building without the permit prescribed in this Ordinance, the City Engineer and Architect shall have the power to cause the same to be stopped and may for this purpose require the assistance of the Metropolitan Constabulary. He shall confiscate the materials of such part or parts of the house as have been demolished or removed in violation of this Ordinance, which shall thereafter become property of the City of Manila.

SEC. 6. For every permit issued under the provisions of this Ordinance, a fee shall be paid according to the following schedule:

A—For a house or building assessed at more than P5,000 .....	P10.00
B—With assessed valuation of more than P1,000 to P5,000 .....	8.00
C—With assessed valuation of more than P500 to P1,000 .....	6.00
D—With assessed valuation of more than P100 to P500 .....	4.00
E—For each house or building not listed for taxation or assessed at P100 or less .....	2.00

SEC. 7. Any person who shall demolish or remove or cause to be demolished or removed a house or building without the permit prescribed in this Ordinance or who shall make any false statement in his application or affidavit for securing such permit, shall be punished by a fine of not more than two hundred pesos or by imprisonment for not more than six months, or by both such fine and imprisonment, in the discretion of the court.

SEC. 8. This Ordinance shall take effect on December 27, 1943.

Done in the City of Manila, this 2nd day of October, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO  
Mayor

(a) Kung ang bahay o tahanan ay mapagkilalang hindi ligtas sa panganib ang kalagayan at ang pagpapagiba ay kinakailangan ng kaligtasan ng madla.

(b) Kung sa pahayag na pinanumpaang ng may-ari o ng kaniyang katiwala ang bahay o gusali ay gigibain sa layong ipaayos o itayong muli.

TUNT. IKA-4. Walang pahintulot na ipagkakaloob sa bisa ng talataang (b) ng sinusundang tuntunin, mangi kung ang may kahilingan ay magkakaloob ng isang lagak na katimbang ng halaga ng mga kagamitang gigibain o bubuhatin, ayon sa pagkakataya ng Inheniero at Arkitekto ng Siyudad. Ang nabanggit na lagak ay iilitin ng Siyudad ng Maynila kapag ang naghahawak ng pahintulot ay hindi nagpatuloy ng pagpapaaayos o pagtatayong muli ng bahay sa loob ng tatlong buwan mula sa araw ng pagkakagiba o pagbuhat. Ang taning na ito'y maaaring palugitan ng Alkalde kung hinihingi ng mga pangyayari.

TUNT. IKA-5. Kung matutop ang isang taong gumigiba o nagbubuhat ng alin mang bahay o gusali nang walang pahintulot na itinatakda ng Kautusang ito, ang Inheniero at Arkitekto ng Siyudad ay magkakaroon ng kapangyarihang ipag-utos sa kanyang ipatigil at sa layong ito ay maaaring hingin ang tulong ng Kostabularya Metropolitana. Kaniyang sasamsamin ang mga kagamitan ng bahagi o mga bahagi ng bahay na ginigiba o binubuhat nang labag sa Kautusang ito, na pagkatapos ay magiging ari ng Siyudad ng Maynila.

TUNT. IKA-6. Sa baw't pahintulot na ipagkaloob sa ilalim ng mga tadhana ng Kautusang ito, ay magbayad ng isang buwis na alinsunod sa sumusunod na batayan:

A—Sa isang bahay o gusaling nagkakahalaga ng mahigit sa P5,000 .....	P10.00
B—Sa nagkakahalaga ng mahigit sa P1,000 hanggang P5,000 .....	8.00
C—Sa nagkakahalaga ng mahigit sa P500 hanggang P1,000 .....	6.00
D—Sa nagkakahalaga ng mahigit sa P100 hanggang P500 .....	4.00
E—Sa baw't bahay na hindi natatala upang ipagbayad ng buwis o nagkakahalaga ng P100 o kulang .....	2.00

TUNT. IKA-7. Sino mang taong gumiba o bumuhat o mag-utos ng paggiba o pagbuhat ng isang bahay o gusali nang walang pahintulot na itinatakda sa Kautusang ito o gumawa ng lisyang pahayag sa kaniyang kahilingan o pinanumpaang pahayag sa pagkuha ng nasabing pahintulot, ay parurusahan ng isang multang hindi hihigit sa dalawandaang piso o ng pagkabilang-gong hindi hihigit sa anim na buwan, o ng magkalakip na multa at pagkabilanggo, ayon sa marapatin ng hukuman.

TUNT. IKA-8. Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa ika-27 ng Disyembre, 1943.

Inilagda sa Siyudad ng Maynila, ngayong ika-2 araw ng Oktubre, 1943.

(May lagda) LEON G. GUINTO  
Alkalde

REGULATING THE INSTALLATION AND OPERATION OF STEAM BOILERS, INTERNAL COMBUSTION ENGINES, AND MACHINERY AND PROVIDING INSPECTION FEES FOR THE ISSUANCE OF CERTIFICATES THEREOF AND FOR SURCHARGE IN CASE OF DELINQUENCY IN THE PAYMENT OF FEES, AND FOR OTHER PURPOSES.

**B**Y virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

**SECTION 1. Permit—approval by the Mayor.**—No machinery, internal combustion engine, steam boiler, tank jacket kettle, generator, or other apparatus for generating or transmitting steam for power, or using steam under pressure for heating or steaming purposes, or other apparatus liable to endanger human life or property by explosion, and subject to pressure of more than ten pounds to the square inch (seventy grams per square centimeter) above atmospheric pressure, shall be installed within the limits of the city without a permit from the Mayor issued upon recommendation of the City Engineer and Architect: *Provided*, That the word “machinery” shall include saws, planes expellers, presses, pumps, borers, lathes, printing presses, lithography, cigar and cigarette machines, mills, sifters, blowers, etc.; the phrase “internal combustion engine” shall include all gas, naphtha, gasoline, petroleum or benzine motors, except automobiles, and the word “boilers” shall cover boilers of every nature used in the city, or on the waters embraced within the limits of the city including, among others, pile driving, hoisting, and the like, excepting locomotive boilers or railroads, boilers under the control of the Imperial Japanese Army, and those of self-propelling vessels: *Provided, further*, That no steam boiler or other mechanical apparatus mentioned in this section, except those that are portable and used temporarily for public purposes, shall be installed at less than a distance of two hundred meters from any known hospital; at less than a distance of fifty meters from private colleges recognized by the Government and public schools other than schools of arts and trades, when necessary, when the buildings occupied by said schools or colleges are of private ownership, but when said are owned by the Government or the colleges, the distance should be one hundred meters; and at less than a distance of sixty meters from any nipa house within the light material

NA NAGTATADHANA NG PAMALAKAD SA PAGLALAGAY AT PAGPAPAKILOS NG MGA KALDERANG PINAIINIT NG SINGAW, MGA MAKINANG SA LOOB ANG PANSILAB, AT MAKINARYA AT NAGTATADHANA NG BUWIS SA PAGESUSURI UPANG MAPAGKALOOBAN NG KATIBAYAN SA PAGPAPATUNAY AT NG PAGBILI SAKALING MAGKULANG SA PAGBABAYAD NG BUWIS, AT SA IBA PANG LAYON.

**S**A bisa ng kapangyarihang kaloob sa aking pagkakalalagay ng Siyudad ng Maynila, at matapos makasangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

**TUNTUNING 1. Pahintulot: pagpapatibay ng Alkalde.**—Walang makinarya, makinang sa loob ang pansilab, kaldera at tangkeng pinaiinit ng singaw, henerador, o iba pang makinang nagbibigay ng mainit na singaw o naghahatid ng mainit na singaw upang magdulot ng lakas, o gumagamit ng mainit na singaw sa bisa ng matinding pag-impit sa layong makapagpainit o makapagbigay ng singaw, o iba pang makinang sa pagputok ay maaaring magsapanganib sa buhay ng tao o ariarian, at maaaring makaimpit ng init ng mahigit sa sampung libra sa isang pulgadang parisukat, na mailalagay sa loob ng nasasakop ng siyudad nang walang pahintulot ng Alkaldeng ipinagkaloob sa tagubilin ng Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad: *Nguni’y dapat matalastas*, Na sa salitang “makinarya” ay napapaloob ang panlagari, pangkatam, pampabuga, prensa, bomba, pambutas-torno, limbagan, litograpiya, makina ng tabako at sigarilyo, kiskisan, panala, panghangin atbp.; sa pariralang “makinang sa loob ang pansilab” ay napapaloob ang lahat ng motor na pinakikilos ng gas, naphtha, gasolina, petroleo at bensina, matangi ang mga automobil, at sa salitang “kaldera” ay napapaloob ang lahat ng uri ng kalderang ginagamit sa siyudad, o sa tubig na na sa loob ng nasasakupan ng siyudad, kasama na, bukod sa iba’t iba, ang pambaon ng estaka, pambuhat at ang mga katulad niyan, matangi ang kaldera ng lokomotora o perokaril, mga kalderang na sa ilalim ng kapamahalaan ng Hukbong Imperial ng Hapon, at ang mga sasakyang dagat na kumikilos sa sarili ang elise: *Nguni’y dapat matalastas pa rin*, Na walang kalderang pinaiinit ng singaw o iba pang makinang binabanggit sa tuntuning ito, matangi ang mga bitbitin at ginagamit na pansamantala sa layuning pambayan, na mailalagay ng na sa loob ng layong dalawang daang metro mula sa alin mang kilalang pagamutan; at sa loob ng isang layong limampung metro mula sa mga tanging paaralang kinikilala ng pamahalaan at mga paaralang bayan, na hindi ang paaralan ng mga sining at hanapbuhay, kung kailangan, kapag ang mga gusaling kinalalagyan ng nabanggit na mga paaralan at kolehiyo ay tanging tao o samahan ang nagmamayari, nguni’t kung ang binanggit na mga paaralan ay ari ng pamahalaan o ang mga kolehiyo, ang layo ay dapat na isang daang metro; at sa labas man lamang ng layong anim na pung metro sa alin mang bahay

district of the city; *And, provided, further,* That whenever the steam boiler is used exclusively for heating purposes or producing steam for heating, it shall have a distance of not less than one hundred twenty meters from any known hospital; of twenty-five meters from private colleges recognized by the Government, and public schools other than schools of arts and trades, when necessary, when the buildings occupied by said schools or colleges are of private ownership; of fifty meters when said buildings are owned by the Government or the college; and at less than fifty meters from any nipa house within the light material district of the city; *And provided, further,* That every steam boiler or mechanical apparatus moved by any motive power in permanent establishments shall be placed on a solid foundation, the construction of which shall be subject to the direction and supervision of the City Engineer and Architect or any of his representatives: *And provided, finally,* That the installation of steam boilers or engines and other mechanical apparatus which do not have more than two horse power at a distance of not less than fifty meters from any hospital and of not less than twenty-five meters from any public or private school, whenever said installation shall not cause annoyance to the immediate vicinity, nor endanger the lives of persons and children thereof, is permitted.

SEC. 2. *Application required; plan.*—An application in writing shall be submitted to the City Engineer and Architect, setting forth in details all items of the proposed installation, accompanied by a plan of the premises to be occupied by same, showing the proposed location of the principal details of the plant.

SEC. 3. *Publication of notices; objections.*—Notice of a proposed installation shall be published daily, for five consecutive days, for machinery, engine or boiler of one or more horse-power, and three consecutive days for less than one horse-power, at the expense of the applicant, in the Tagalog or English newspaper of general circulation in the City of Manila.

Any person owning or occupying premises in the neighborhood of the proposed location within a radius of thirty lineal meters may within said period, file in writing his objection to said installation with the City Engineer and Architect who shall, after due investigation, recommend to the Mayor approval or disapproval of the permit: *Provided,* That the publication of notice in the newspaper may be dispensed with if the persons owning or occupying the premises in the neighborhood within a radius of thirty lineal

na pawid sa loob ng purok ng mga tahanang pawid ng siyudad; *At dapat matalastas pa rin,* Na kapag ang kalderang pinaiinit ng singaw ay ginagamit na tangi sa layong pagpapainit o pagbibigay ng singaw na mainit, ay dapat mapalayo nang di kukulangin sa isang daa't dalawampung metro mula sa alin mang kilalang pagamutan; dalawampu't limang metro mula sa mga tanging kolehiyong kinikilala ng pamahalaan at sa mga paaralang bayang hindi ang paaralan ng mga sining at hanapbuhay, kung kailangan, kapag ang mga gusaling kinalalagyan ng nabangit na paaralan o kolehiyo ay tanging tao o samahan ang nagmamay-ari; limampung metro kung ang nasabing mga gusali ay ari ng pamahalaan o ang kolehiyo; at malayo ng limampung metro man lamang mula sa alin mang bahay na pawid sa loob ng purok ng mga bahay na pawid sa siyudad: *At dapat matalastas pa rin,* Na ang lahat ng kalderang pinaiinit ng singaw o makinang pinakikilos ng alin mang lakas sa palangiang gusali ay dapat na ilagay sa saligang matibay, na ang pagpapagawa nito ay dapat na sumailalim sa pag-aatas at pagsusuri ng Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad o ng sino man sa kaniyang mga kinatawan; *At dapat matalastas sa wakas,* Na ang paglalagay ng mga kalderang pinaiinit ng singaw o makina at iba pang aparatong walang higit sa dalawang kabayong lakas, sa layong wala pang limampung metro mula sa alin mang pagamutan at walang dalawampu't limang metro mula sa alin mang paaralang bayan o tangi, kung ang nasabing makina ay hindi magdudulot ng ano mang kagambalaan sa malalapit na karatig at hindi nagsasapanganib sa buhay ng mga tao at bata ay ipinahihintulot.

TUNT. IKA-2. *Kahilingang kinakailangan; plano.*—Isang kahilingang nasusulat ang dapat na iharap sa Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad, at diyan ay isa-saad ang lahat ng bagay-bagay na nauukol sa balak na ilagay, kasama ang isang plano ng pook na paglalagyan, at ipakikilala ang balak na karoroonan ng mga pangunang tala ng planta.

TUNT. IKA-3. *Paglathala ng babala; pagsalungat.*—Isang babala ng balak na paglalagay ang dapat na ilathala araw-araw, sa loob ng limang sunod-sunod na araw, sa makinarya, makina o kalderang may isa o higit na kabayong lakas, at tatlong sunod-sunod na araw kung walang isang kabayong lakas, sa gugol ng may kahilingan, sa pahayagang tagalog at ingles na malaganap sa Siyudad ng Maynila.

Sino mang taong nagmamay-ari o sumasakop sa pook na malapit sa tinatangkang paglalagyan sa loob ng paligid-ligid ng tatlumpung metrong pahaba, ay maaari, sa loob ng nasabing taning na panahong magharap ng nasusulat na pagsalungat sa nabangit na paglalagay sa Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad, na pagkatapos ng nauukol na pagsisiyasat, ay siyang magtatagubilin sa Alkalde ng pagpapatibay o hindi pagpapatibay ng pahintulot; *Nguni'y dapat matalastas,* Na ang paglalathala ng babala sa pahayagan ay maaaring ipagpaumanhin kung ang mga taong nagmamay-ari o sumasakop sa pook na kalapit sa loob ng paligidligid

meters shall file a written consent to said installation with the Mayor.

SEC. 4. *Specifications of boilers and machinery.*—All applications for permits to install a machinery, internal combustion engine or steam boiler shall be accompanied by as full a description of same as the applicant may be able to furnish, including plans and specifications of the construction of said machinery, engine or boiler, whenever possible to obtain them. If said description is not deemed sufficient by the boiler and machinery inspector, he shall, in a written report to the City Engineer and Architect, state his objections, and no permit shall be issued until satisfactory specifications shall be furnished and approved by the City Engineer and Architect.

SEC. 5. *Inspections by boiler and machinery inspector during installations.*—After a permit has been granted to install a boiler, machinery, internal combustion engine or other apparatus, as above provided, it shall be the duty of the boiler and machinery inspector, from time to time, to visit the premises in which such installation is being made, and if any portions of same do not meet with his approval, they shall be changed as he may prescribe.

SEC. 6. *Location of boiler or machinery.*—Unless set in brickwork, every boiler, internal combustion engine or machinery shall be located as to leave a clear space of one meter or more from any wall or partition.

SEC. 7. *Final inspection on installation.*—Upon the completion of any installation an inspection of the boiler, internal combustion engine, machinery or apparatus shall be made by the boiler and machinery inspector at as early a date as possible consistent with his duties, and if he approves of the same he shall rate the same as to horse power, fix the allowable pressure in accordance with the rules and specifications approved by section thirty-one hereof, and shall issue a license as provided in section seventeen hereof.

SEC. 8. *Annual inspection of machinery and boiler; records.*—It shall be the duty of the boiler and machinery inspector to inspect and test annually, and at such other times as in his judgment such inspection may be required, all boilers, machineries, explosion engines, and other apparatus covered by this Ordinance. He shall keep a record of every new installation and of all inspections on forms to be provided therefor, which forms when properly filled out shall be filed with the City Engineer and Architect.

na tatlumpung metrong pahaba ay magharap sa Alkalde ng isang nasusulat na pagsang-ayon sa nasabing paglalagay.

TUNT. IKA-4. *Kaayusan at anyo ng kaldera at makina.*—Lahat ng kahilingan sa pagkakaroon ng pahintulot upang makapaglagay ng isang makinarya, makinang sa loob ang pansilab o kalderang pinaiinit ng singaw ay dapat lakipan ng buung ulat ng kaayusan at anyo niyan, ayon sa maaaring maiharap ng may kahilingan, kasama na ang plano at ulat ng kaayusan at anyo ng pagkakayari ng nasabing makinarya, makina o kaldera, kailan ma't maaaring matamo iyan. Kung ang nasabing ulat ng kaayusan at anyo ay ipinalalagay na hindi sapat ng inspektor ng mga kaldera at makinarya, ay maghaharap siya ng isang ulat na nasusulat sa Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad, sasabihin ang kaniyang mga sinasalungat, at walang pahintulot na maaaring ipagkaloob hanggang sa makapagharap ng kasiyasyang ulat ng kaayusan at anyo at pinagtitibay ng Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad.

TUNT. IKA-5. *Pagsusuri ng inspektor ng kaldera at makinarya sa panahon ng paglalagay.*—Pagkatapos na maipagkaloob ang isang pahintulot upang makapaglagay ng isang kaldera, makinarya, makinang sa loob ang pansilab o iba pang aparato, gaya ng itinatadhana sa unahan, ay tungkulin ng inspektor sa kaldera at makinarya, na sa panapanahon ay kaniyang dalawin ang pook na kinalalagyan niyan, at kung ang alin mang bahagi niyan ay hindi niya pinagtitibay, ay kinakailangang baguhin, ayon sa kaniyang iniaatas.

TUNT. IKA-6. *Kinalalagyan ng kaldera o makinarya.*—Matangi kung napapatong sa bato o ladrilyo, ang bawa't kaldera, makinang sa loob ang pansilab o makinarya, ay dapat na malagay sa isang paraang may pagitang isang metro o mahigit mula sa alin mang pader o panghadlang.

TUNT. IKA-7. *Pangwakas na pagsusuri sa pagkaka-lagay.*—Pagkatapos na malagay ang kaldera, makinang sa loob ang pansilab, makinarya, ay gagawa ng isang pagsusuri ang inspektor ng kaldera at makinarya sa panahong lalong maagang itinutulot ng kaniyang mga tungkulin, at kung pinagtitibay niya ang pagkakalagay ay kaniyang kukunin ang kabayong lakas, itatakda ang maipahihintulot na pag-impit ng singaw, sang-ayon sa nakatakda sa pamalakad at kaayusan at anyong pinagtibay ng tuntuning ika-tatlumpu't isa nito, at magkakaloob ng isang lisensiya ayon sa itinatadhana ng tuntuning ika-labimpito.

TUNT. IKA-8. *Taunang pagsusuri ng makinarya at kaldera; mga tala.*—Tungkulin ng inspektor ng kaldera at makinaryang suriin at subukin taon-taon, at sa iba pang panahong ayon sa kaniyang palagay ang nasabing pagsusuri ay kinakailangan, ang lahat ng kaldera, makinarya, makinang maaaring pumutok at iba pang aparatong napapaloob sa Kautusang ito. Mag-iingat siya ng isang talaan ng lahat ng bagong paglalagay at ng lahat ng kasulatan sa pagsusuring maitatakda, mga kasulatang kung mayari na'y ihaharap sa Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad.



**SEC. 9. Notification of inspection.**—At least ten days in advance of making an inspection, the boiler and machinery inspector shall notify the owner or his agent, in writing, of the intended date of inspection; and unless a request, in writing, from said owner or agent is made within two days after receipt of said notification, requesting a postponement of said inspection and giving sufficient reasons for the same, inspection shall be made upon the date specified. In case the owner or agent makes a request for postponement, he shall fix a date for said inspection agreeable to the boiler and machinery inspector, not to exceed thirty days from date of his notification.

**SEC. 10. Closing down plant.**—Should the owner or agent not have given previous notice requesting that the date of inspection be deferred, or should he not have the boiler, machinery or other apparatus covered by section one hereof properly prepared for inspection, as provided in the next succeeding section, the boiler and machinery inspector is empowered to close down the plant, and the owner shall be required to pay the regular inspection fee the same as if the inspection had been made.

**SEC. 11. Preparation for inspection.**—The owner or user of a boiler, internal combustion engine or machinery shall prepare the same for inspection by cooling it down, blanking off all connection to adjacent boilers, removing all soot and ashes from tubes, heads, shell, furnace and combustion chamber removing all grate bars and all oil, grease and dirt, and otherwise preparing it for the inspection, as required by the boiler and machinery inspector.

**SEC. 12. Assistance.**—The owner or agent shall at his own expense furnish the boiler and machinery inspector all labor and assistance required by him during said inspection.

**SEC. 13. Drilling boilers.**—At any inspection the owner or agent of any boiler shall have the same drilled at such place or places as may be ordered by the boiler inspector for the purpose of determining the thickness of the plates.

**SEC. 14. Condemnation.**—No boiler or other apparatus as specified in section one hereof shall be condemned on account of age, or ordinary wear, without notice being given to the owner of not less than four months, and not to exceed eight months, in which to replace the same; *Provided*, That nothing in this section shall operate to prevent the boiler and machinery inspector from shutting down said boiler at any time he considers it dangerous to human life or to property, as provided in the next preceding section.

**TUNT. IKA-9. Pasabi sa pagsusuri.**—May sampung araw man lamang pauna sa pagsusuri, ang inspektor ng kaldera at makinarya ay dapat magpasabi nang nasusulat sa may-ari o sa katiwala ng tangkang araw ng pagsusuri; at maliban na lamang kung magharap ng isang kahilingang nasusulat ang nabanggit na may-ari o katiwala, sa loob ng dalawang araw pagkatapos na tanggapin ang nabanggit na pasabi, na humihiling ng isang pagpapaliban ng nabanggit na pagsusuri at nagbibigay ng sapat na mga matuwid diyan, ang pagsusuri ay gagawin sa araw na natatakda. Sakaling ang may-ari o katiwala ay humingi ng pagpapaliban, ay kaniyang itatakda ang araw ng nasabing pagsusuring masasang-ayunan ng inspektor ng kaldera at makinarya, na hindi lalagpas sa tatlumpung araw mula sa araw ng pagkakapasabi.

**TUNT. IKA-10. Pagpipinid ng planta.**—Kung ang may-ari o ang katiwala ay hindi nagbigay ng paunang babalang humihiling na ipagpaliban ang araw ng pagsusuri, o kung ang kaniyang kaldera, makinarya o iba pang aparatong napapaloob sa tuntuning una nito ay hindi nahahanda ng maayos sa pagsusuri, gaya ng itinatadhana sa sinusundang tuntunin, ang inspektor ng kaldera at makinarya ay may kapangyarihang ipapinid ang planta, at ang may-ari ay aatasang magbayad ng buwis sa pangkaraniwang pagsusuring katulad din nang parang nagawa ng pagsusuri.

**TUNT. IKA-11. Paghahanda sa pagsusuri.**—Ang may-ari o gumagamit ng isang kaldera, makinang sa loob ang pansilab o makinarya ay dapat gumawa ng paghahanda nito upang masuri sa pamamagitan ng pagpapalamig, pagtatanggal ng lahat ng pagkakakabit sa kalapit na kaldera, pag-aalis ng lahat ng uling at abo sa mga tubo, ulunan, panabing, pugon at silid ng silaban; pag-aalis ng lahat ng hadlang at ng lahat ng langis, grasa at dumi, at sa ibang paraan ay ihanda iyan sa pagsusuri, ayon sa hinihingi ng inspektor ng kaldera at makinarya.

**TUNT. IKA-12. Katulong.**—Ang may-ari o katiwala, sa kaniyang sariling gugol, ay magkakaloob sa inspektor ng kaldera at makinarya ng lahat ng manggagawa at katulong na hingin nito sa panahon ng nabanggit na pagsusuri.

**TUNT. IKA-13. Paghango sa kaldera.**—Sa alin mang pagsusuri, ang may-ari o katiwala ng alin mang kaldera ay mag-aatas na ito'y hanguin sa pook o mga pook na maaaring ipag-utos ng inspektor ng kaldera sa hangad na makilala ang kakapalan ng kaldera.

**TUNT. IKA-14. Pagpapawalang saysay.**—Walang kaldera o ibang aparatong gaya ng nasasaad sa tuntuning una nitong pawawalang saysay dahilan sa kalumaan o sa pangkaraniwang paggamit nang hindi muna pinagsasabihan ang may-ari nang hindi kukulangin sa apat na buwan, at hindi hihigit sa walong buwan upang sa loob ng panahong iyan ay palitan ang kaldera o aparato; *Nguni'y dapat matalastas*, Na wala sa tuntuning itong pakakahulugang makapipigil sa inspektor ng kaldera at makinaryang huwag ipagamit ang nabanggit na kaldera sa alin mang panahong ipalagay niyang mapanganib ito sa buhay ng tao o sa ari-arian, ayon sa itinatadhana ng sinusundang tuntunin.

SEC. 15. *Dangerous operation.*—Should it come to the knowledge of the boiler and machinery inspector at any time that a boiler or other apparatus as specified in section one hereof, is being operated in a manner imperiling human life or property, he is authorized to at once cause said boiler or apparatus to be shut down, reporting his action promptly to the City Engineer and Architect.

SEC. 16. *Second-hand boilers.*—It shall be unlawful to sell in the city any second-hand boiler without an inspection previous to selling, under a fine of one hundred pesos for each offense; said boiler shall not be painted previous to inspection. Any new boiler intended for shipment to the provinces, which is accompanied by a duly qualified certificate from a reputable manufacturer, insurance company, or other qualified boiler inspector, shall not require such inspection.

SEC. 17. *Certificate of inspection issued.*—After the installation, or the annual inspection, if a boiler has met with the approval of the boiler and machinery inspector, he shall issue a certificate of inspection and license, for a period not exceeding one year.

SEC. 18. *Posting of certificate of inspection.*—The certificate of inspection shall be posted under glass in a conspicuous place in the room in which the boiler or apparatus specified therein is located, and it shall not be removed therefrom, unless the boiler or apparatus becomes defective or a new certificate is issued, when it shall be removed by the boiler and machinery inspector.

SEC. 19. *Fees.*—The fees for boiler and machinery inspection shall be as follows:

*Boilers:*

Under ten horse-power .....	₱15.00
Ten to under thirty horse-power .....	35.00
Thirty to under fifty horse-power .....	55.00
Fifty to under seventy horse-power .....	75.00
Seventy to under ninety horse-power .....	100.00
Ninety to one hundred horse-power .....	125.00
For each horse-power, or fraction thereof, in excess of one hundred horse-power	0.50

The above rating of boilers shall be based on twelve square feet (1.1148 square meters) of heating surface for fire tube boilers and ten square feet (0.929 square meters) of heating surface for water tube boilers for one horse-power.

TUNT. IKA-15. *Mapanganib na pagpapakilos.*—Kapag nabatid ng inspektor ng kaldera at makinarya, sa alin mang panahong ang isang kaldera o iba pang aparatong gaya ng nasasaad sa tuntuning una nito, ay pinakikilos sa paraang nagsasapanganib sa buhay ng tao o ariarian, ay may kapangyarihan siya kapagkarakang ipag-utos na mapigil ang paggamit sa nabanggit na kaldera o aparato, na ipagbibigay-alam lamang na kagyat ang kaniyang kapasiyahn sa Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad.

TUNT. IKA-16. *Gamit nang kaldera.*—Labag sa batas na magbili sa loob ng siyudad ng alin mang gamit nang kaldera nang hindi muna nasusuri bago ipagbili, at parurusahan ng multang isang daang piso ang bawa't pagkakasala; ang nasabing kaldera ay hindi mapipintahan bago suriin. Alin mang bagong kalderang tinatangkang ipadala sa lalawigan, na may taglay na nauukol na pagpapatibay na buhat sa isang kilalang pagawaan, samahan sa seguro, o ibang may karapatang inspektor ng kaldera, ay hindi na kailangang sumailalim ng nasabing pagsusuri.

TUNT. IKA-17. *Pagkakaloob ng katibayan sa pagsusuri.*—Pagkatapos na mailagay, o ng taunang pagsusuri, kung ang isang kaldera ay pinagtibay ng inspektor ng kaldera at makinarya, ay magkakaloob siya ng isang katibayan sa pagkakasuri at pahintulot, sa isang panahong hindi hihigit sa isang taon.

TUNT. IKA-18. *Pagtatanghal ng katibayan sa pagsusuri.*—Ang katibayan sa pagsusuri ay dapat na itanghal na nakakaliña ng salamin sa isang tanyag na pook sa silid na kinalalagyan ng kaldera o aparatong kinauukulan, at hindi nararapat na alisin diyan, mataling na lamang kung ang kaldera o aparato ay masira o magkaloob ng isang bagong katibayan, at sa ganyan ay aalisin ng inspektor ng kaldera at makinarya.

TUNT. IKA-19. *Buwis.*—Ang buwis sa pagsusuri ng kaldera at makinarya ay ang sumusunod:

*Kaldera:*

Walang sampung kabayong lakas .....	₱15.00
Sampung hanggang sa walang tatlumpung kabayong lakas .....	35.00
Tatlumpu hanggang sa walang limampung kabayong lakas .....	55.00
Limampu hanggang sa walang pitumpung kabayong lakas .....	75.00
Pitumpu hanggang sa walang siyam na pang kabayong lakas .....	100.00
Siyam na pu hanggang sa isang daang kabayong lakas .....	125.00
Bawa't isang kabayong lakas o bahagi niyan, na labis sa isang daang kabayong lakas .....	0.50

Ang na sa itaas na singil sa kaldera ay dapat na mapasalig sa labing dalawang talampakang parisukat (1.1148 metrong parisukat) ng laki ng pagpapainit sa mga tubo ng apoy ng kaldera at sampung talampakang parisukat (0.929 metrong parisukat) ng laki ng pagpapainit sa mga tubo ng tubig ng kaldera, sa isang kabayong lakas.

*Explosive and machinery:*

Under ten horse-power .....	₱10.00
Ten to under thirty horse-power .....	20.00
Thirty to under fifty horse-power .....	30.00
Fifty to under seventy horse-power .....	40.00
Seventy to under ninety horse-power ....	50.00
Ninety to under one hundred horse-power	60.00
One hundred to under one hundred ten horse-power .....	70.00
One hundred ten to under one hundred twenty horse-power .....	80.00
For each horse-power or fraction thereof, in excess of one hundred twenty horse- power .....	0.30

*Gas tanks or recipients:*

For every twenty-seven cubic feet or frac- tion thereof .....	5.00
--	------

The machineries, pumps, and mechanical apparatus such as saws, planes, expellers, presses borers, wheels, printing presses, lithography and cigars and cigarette machines etc., which operate by means of motor or electric motors aggregating one-half horse-power or more shall pay annually, as inspection fee, the amount fixed for explosive engines.

The inspection fees hereinabove provided shall be paid within ten days after the inspection; otherwise the owner or owners of the installation inspected shall be deemed delinquent in such payment and shall be subject, as a penalty for such delinquency, to a surcharge of ten *per centum* of the original amount if both such original amount and the surcharge be paid during the first three months of such delinquency, and if not so paid, to a surcharge of twenty-five *per centum* of the original amount, the surcharge to be collected at the same time and in the same manner as the original amount.

**SEC. 20. Emergency repairs.**—In case of emergency the engineer in charge of a plant may at once make temporary repairs, but shall report his action to the boiler and machinery inspector for his approval within twenty-four hours after such emergency arises.

Should no emergency arise and repairs are necessary, a written approval shall first be obtained from the boiler and machinery inspector.

*Paputok at makinarya:*

Walang sampung kabayong lakas .....	₱10.00
Sampu hanggang sa walang tatlumpung kabayong lakas .....	20.00
Tatlumpu hanggang sa walang limampung kabayong lakas .....	30.00
Limampu hanggang sa walang pitumpung kabayong lakas .....	40.00
Pitumpu hanggang sa walang siyam na pung kabayong lakas .....	50.00
Siyam na pu hanggang sa isang daang kabayong lakas .....	60.00
Isang daan hanggang sa walang isang daa't sampung kabayong lakas .....	70.00
Isang daa't sampu hanggang sa walang isang daa't dalawampung kabayong lakas .....	80.00
Bawa't isang kabayong lakas o bahagi niyan, na labis sa isang daa't dalawam- pung kabayong lakas .....	0.30

*Tangke ng gas o lalagyan:*

Bawa't dalawampu't pitong metrong ku- biko o bahagi nito .....	5.00
---	------

Ang mga makinarya, bomba at aparatong mekani-ko, gaya ng lagarian, pangkatam, pambuga, prensa, pambutas, torno, makina ng limbagan, litograpiya at makina ng tabako at sigarilyo atbp. na pinakikilos sa pamamagitan ng motor o mga motor elektriko na may kabuuang isa't kalahating kabayong lakas o higit ay magbabayad, taunan, sa buwis sa pagsusuri, ng halagang natatakda sa mga makinang maaaring pumutok.

Ang itinatadhana nitong buwis sa pagsusuri ay dapat pagbayaran sa loob ng sampung araw pagkatapos ng pagsusuri; kung hindi ang may-ari o mga may-ari ng sinuring makinarya o kaldera ay ipalalagay na nagkasala sa pagkukulang ng nabanggit na bayad at sasailalim, na parang parusa sa nasabing pagkakasala, ng may pataw na sampu sa isang daan ng unang halaga kung ang nabanggit na unang halaga at ang pataw ay babayaran sa loob ng unang tatlong buwan ng nasabing pagkukulang, at kung hindi pa rin pagbayaran, ng may pataw na dalawampu't lima sa isang daan ng unang halaga, na ang pataw ay sisingilin sa katulad na panahon at katulad na paraang gaya ng unang mga halaga.

**TUNT. IKA-20. Biglaang pagpapaayos.**—Sa pangyayaring biglaan, ang inhenyerong katiwala ng isang planta ay maaaring makagawang kagyat ng pansamantalang pag-aayos, nguni't kaniyang ipagbibigay-alam ang kaniyang ginawa sa inspektor ng kaldera at makinarya upang mapagtibay nito sa loob ng dalawampu't apat na oras pagkaraan ng nabanggit na biglaang pangyayari.

Kung walang biglaang pangyayari at kinakailangan ang pag-aayos, ay kailangan munang makapagtamo ng nasusulat na pagpapatibay buhat sa inspektor ng kaldera at makinarya.

SEC. 21. *Testing by hydrostatic pressure.*—It shall be unlawful for any person to test a boiler by hydrostatic pressure, excepting persons duly authorized by the boiler and machinery inspector.

SEC. 22. *Repairs.*—No plates shall be used in repairing a boiler unless bearing the maker's name and the tensile strength, as provided in the rules and specifications approved under section thirty-one hereof for the manufacture of boilers. Upon completion of such repairs, the boiler and machinery inspector shall examine same, and upon his written report and approval the boiler may be operated: *Provided*, That in case of minor repairs where the maker's stamp is not on the piece used, information may be furnished the boiler and machinery inspector as to its quality and the piece approved or rejected by him.

SEC. 23. *Stays.*—No welded stays shall be used in boilers, and all material used, in replacing old stays must be approved by the boiler and machinery inspector.

SEC. 24. *Steam gauges.*—All boilers shall have one steam gauge fitted with a proper connection for the boiler and machinery inspector's gauge, as provided in the rules and specifications approved under section thirty-one hereof.

SEC. 25. *Feeding devices.*—Each steam boiler, or two or more boilers connected in battery, shall be fitted with two separate and independent feeding devices, each one of sufficient size to supply ample feed water under all conditions. Two pumps, or one pump and one injector, may be used for stationary boilers, or two injectors for portable boilers.

SEC. 26. *Fusible plugs.*—All boilers shall be fitted with a proper fusible plug, filled with pure tin, as provided in the rules and specifications approved under section thirty-one hereof.

SEC. 27. *Safety valves.*—Each boiler shall have two safety valves, as provided in the rules and specifications approved under section thirty-one hereof, one of which, if deemed necessary by the boiler and machinery inspector, may be taken wholly from the control of the person or persons in charge of said boiler, and secured by the boiler and machinery inspector by a lock or other appliance to be furnished at the cost of the owner.

SEC. 28. *Bottom blow-off pipes.*—Each boiler shall have a bottom blow-off pipe, fitted with a valve or

TUNT. IKA-21. *Pagsubok sa pamamagitan ng pang-impit na "hydrostatico."*—Labag sa batas sa sino mang taong subukin ang isang kaldera sa pamamagitan ng pang-impit na "hydrostatico", matangi ang mga taong sadyang pinahintulutan ng inspektor ng kaldera at makinarya.

TUNT. IKA-22. *Mga pag-aayos.*—Walang plantsang magagamit sa pag-aayos ng isang kaldera, matangi sa mga may taglay na pangalan ng gumawa at tibay ng pagkakayari, ayon sa itinatakda ng pamalakad at kaayusan at anyong pinagtibay ng tuntuning ika-tatlumpu't isa nito sa pagkakayari ng kaldera. Kung matapos na ang pag-aayos, ang inspektor ng kaldera at makinarya ay magsusuri nito, at kung makapagharap na siya ng ulat na nasusulat at pagpapatibay ang kaldera ay magagamit na; *Nguni'y dapat matalastas*, Na sa maliliit na pag-aayos na ang tatak ng gumawa ay wala sa plantsang ginamit, ay ipagbibigay-alam sa inspektor ng kaldera at makinarya ang uri niyan at ang bahaging pinagtibay o tinanggihan niya.

TUNT. IKA-23. *Mga parilya.*—Walang hininang na parilyang magagamit sa mga kaldera, at lahat ng sangkap na ginamit sa pagpapalit ng dating parilya ay dapat na pagtibayin ng inspektor ng kaldera at makinarya.

TUNT. IKA-24. *Panukat ng singaw.*—Ang lahat ng kaldera ay dapat magkaroon ng isang panukat ng singaw na may nauukol na pangkabit sa panukat ng inspektor ng kaldera at makinarya, ayon sa itinatadhana ng mga pamalakad at kaayusan at anyong pinagtibay sa ilalim ng tuntuning ika-tatlumpu't isa nito.

TUNT. IKA-25. *Padaluyang ikakabit.*—Bawa't isang kalderang pinaiinit ng singaw, o dalawa o higit na kalderang nagkakakabitkabit, ay dapat kabitan ng dalawang hiwalay at nagsasariling padaluyan, na ang bawa't isa ay may sapat na laki upang mapagdaanan ng saganang tubig sa lahat ng kalagayan. Dalawang bomba, o isang bomba at isang paanuran, ang maaaring magamit sa mga kalderang panatilihan, o dalawang paanuran sa mga bitbiting kaldera.

TUNT. IKA-26. *Natutunaw na pamasak.*—Ang lahat ng kaldera ay dapat lagyan ng isang nababagay na pamasak na tunawin, na puno ng tunay na lata, ayon sa itinatadhana ng mga pamalakad at kaayusan at anyong pinagtibay sa ilalim ng tuntuning ika-tatlumpu't isa nito.

TUNT. IKA-27. *Walang panganib na pabugahan.*—Bawa't kaldera ay dapat magkaroon ng dalawang walang panganib na pabugahan, ayon sa itinatadhana ng mga pamalakad at kaayusan at anyong pinagtibay sa bisa ng tuntuning ika-tatlumpu't isa nito, na ang isa niyan, kung inaakalang kailangan ng inspektor ng kaldera at makinarya, ay dapat na sumailalim na lubos sa kapamahalaan ng tao o mga taong katiwala ng nabanggit na kaldera, at tiniyak ng inspektor ng kaldera at makinarya sa pamamagitan ng isang kandado o iba pang kagamitang ipagkakaloob sa gugol ng may-ari.

TUNT. IKA-28. *Pang-ibabang tubong singawan.*—Bawa't kaldera ay dapat magkaroon ng pang-ibabang

cock, and in direct connection with lowest water space of the boiler. All fittings between the boiler and the valves shall be of steel for pressures over one hundred pounds per square inch.

SEC. 29. *Access to shops for inspections.*—All shops in which boilers or machineries are constructed or repaired or used shall be open to the City Engineer and Architect or his representative at all reasonable hours for inspecting material, method of manufacture, workmanship, testing and use. He shall also have access to any steam plant in the city at all hours.

SEC. 30. *Registration of boilers, machineries, and internal combustion engines installed outside Manila proper.*—The owners or operators of all steam boilers, machineries, internal combustion engines and other apparatus covered by this Ordinance, installed in districts outside Manila proper before the effective date of this Ordinance, and which have not yet been recorded in the Office of the City Engineer and Architect, shall register the same with said office within sixty days from said date, indicating the number of horsepower of each boiler, machinery, internal combustion engine, or apparatus, the nature of the business in connection with which the same is being operated and such other information as the owner or operator may be able to furnish, including plans and specifications of the construction thereof, and all the installation and operation of all steam boilers, machineries, internal combustion engines and other apparatus within the City of Manila after the effective date of this Ordinance shall be subject to the provisions and requirements contained herein.

SEC. 31. *Rules and specifications.*—The printed rules and specifications on file in the office of the City Engineer and Architect form a part of this Ordinance and shall apply to the construction and use of boilers as therein provided.

SEC. 32. *Repealing clause.*—The provisions of sections 1088 to 1118, inclusive, of Ordinance No. 1600, known as the Revised Ordinances of the City of Manila, and all city and municipal ordinances in the districts incorporated in the City of Manila, inconsistent with the provisions of this Ordinance, are hereby repealed.

SEC. 33. *Effectivity.*—This Ordinance shall take effect on the 4th day of December, 1943.

Done in the City of Manila, Philippines, this 27th day of October, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO  
Mayor

tubong singawan, na nakakabit sa isang pabugahan o takip, at tuwirang nakaayos sa pinakamababang siliran ng tubig ng kaldera. Ang lahat ng pangkabit sa pagitan ng kaldera at mga pabugahan ay dapat na tanso sa pang-impit na higit sa isang daang libra sa bawa't isang pulgadang parisukat.

TUNT. IKA-29. *Bukas ang pook sa pagsusuri.*—Ang lahat ng pook na pinaglagyan o pinag-ayusan o ginamit sa kaldera o makinarya ay dapat na bukas sa Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad o sa kaniyang kinatawan sa lahat ng nababagay na oras upang masuri ang kagamitan, pamamaraan ng paggawa, manggagawa, pagsubok at paggamit. Tutulutan din siyang makapasok sa alin mang planta sa siyudad sa lahat ng sandali.

TUNT. IKA-30. *Pagpapatala ng kaldera, makinarya, at makinang sa loob ang pansilab na nakalagay sa labas ng Maynila.*—Ang may-ari o nangangasiwa ng lahat ng kalderang pinaiinit ng singaw, makinarya, makinang sa loob ang pansilab at iba pang aparatong napapaloob sa Kautusang ito, na nakalagay sa labas ng mga purok ng tunay na Maynila bago nagkabisa ang Kautusang ito, at hindi pa napapatala sa Tanggapan ng Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad, ay dapat na mapatala sa nabanggit na tanggapan sa loob ng araw na pung araw mula sa tinukoy na araw, na isasaad ang bilang ng kabayong lakas ng bawa't kaldera, makinarya, makinang sa loob ang pansilab, o aparato, ang uri ng hanapbuhay na pinag-uukulan ng paggamit niyan at ang iba pang mga talang maipagkakaloob ng may-ari, pati na ang mga plano at kaayusan at anyo ng pagkakatayo niyan, at ang lahat ng pagkakalagay at pagkilos ng lahat ng kalderang pinaiinit ng singaw, makinarya, makinang sa loob ang pansilab at iba pang aparato sa loob ng Siyudad ng Maynila, pagkatapos ng araw na ipinagkabisa ng Kautusang ito, ay sasailalim ng mga tadhana at kautusang nasasaad dito.

TUNT. IKA-31. *Pamalakad at kaayusan at anyo.*—Ang limbag na pamalakad at kaayusan at anyong iniingatan sa tanggapan ng Inhenyero at Arkitekto ng Siyudad ay magiging isang bahagi ng Kautusang ito at ikakapit sa paglalagay at paggamit ng kaldera, ayon sa itinatadhana nito.

TUNT. IKA-32. *Tadhanang pagpapawalang bisa.*—Ang mga tadhana ng mga tuntuning ika-1088 hanggang 1118 ng Kautusang Blg. 1600, na kilala sa tawag na Sinuring mga Kautusan ng Siyudad ng Maynila, at lahat ng kautusan ng siyudad at munisipyo sa mga purok na isinama sa Siyudad ng Maynila, na sumasalungat sa mga tadhana ng Kautusang ito, ay pinawawalang bisa sa pamamagitan nito.

TUNT. IKA-33. *Pagkakabisa.*—Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa ika-4 na araw ng Disyembre, 1943.

Inilagda sa Siyudad ng Maynila, Pilipinas, ngayong ika-27 araw ng Oktubre, 1943.

(May lagda) LEON G. GUINTO  
Alkalde

## REGULATING THE DISPOSAL OF DEAD ANIMAL BODIES

## NA NAGTATADHANA NG PAMALAKAD SA PAG-PAPASIYA SA BANGKAY NG MGA PATAY NA HAYOP.

**B**Y virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

**S**A bisa ng kapangyarihang kaloob sa aking pagkakalalagan ng Alkalde ng Siyudad ng Maynila, at matapos na makasangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

**SECTION 1.** It shall be the duty of any person owning or in possession of any dead animal such as horse, cow, carabao, hog, sheep, goat, dog or other four-footed animals (except animals sacrificed for human consumption in public slaughterhouses) to submit a report of its death, within six hours thereafter, either directly to the City Veterinarian, or thru the nearest police station, the police officer receiving such report to transmit the same to the City Veterinarian who shall take immediate steps for its sanitary disposal; and it shall be unlawful for such person or any other person to sell, dispose of, or give away the body of such animal or any part thereof without previous permission of the City Veterinarian.

**TUNTUNING 1.** Tungkulin ng sino mang taong nagmamamay-ari o nag-aangkin ng alin mang patay na hayop na gaya ng kabayo, baka, kalabaw, baboy, tupa, kambing, aso o iba pang hayop na may apat na paa (matangi ang mga hayop na pinatay upang makain ng tao sa mga katayang bayan) na magharap ng isang ulat ng pagkamatay na iyan, sa loob ng anim na oras, maging tuwiran sa Beterinaryo ng Siyudad o sa pamamagitan ng lalong malapit na himpilan ng polisya, kagawad ng polisyang tumatanggap ng nabanggit na ulat upang ipabatid iyan sa Beterinaryo ng Siyudad, na gagawa agad ng hakbang na nauukol sa kalinisan; at magiging labag sa batas sa nasabing tao o sa sino mang ibang tao upang ipagbili, pagpasiyahan o maalís sa kaniya ang bangkay ng nabanggit na hayop o alin mang bahagi niyan nang walang paunang kapahintulutan ang Beterinaryo ng Siyudad.

**SEC. 2.** Unless otherwise authorized by the City Veterinarian in accordance with the preceding section, the owner or person in possession of a dead animal shall bring the same to the City Pound, or may at his option surrender the same to the City Veterinarian, in which case it shall be brought to the City Pound at his expense.

**TUNT. IKA-2.** Maliban kung may ibang pahintulot ang Beterinaryo ng Siyudad, sang-ayon sa sinusundang tuntunin, ang may-ari o ang taong nag-aangkin ng isang patay na hayop ay siyang magdadala nito sa City Pound, o kung maibigan naman niya ay ipagkaloob sa Beterinaryo ng Siyudad, na sa ganyang pangyayari ay dadalhin niya sa City Pound sa kaniyang gugol.

The owner of the dead animal shall surrender the certificate of ownership covering the same to the Division of Animal and Vehicle Inspection either directly or through the City Veterinarian.

Ipagkaloob ng may-ari ng patay na hayop ang katibayan sa pagmamamay-aring nauukol diyan sa Pangkat ng pagsusuri sa Hayop at Sasakyan, maging sa tuwiran o sa pamamagitan ng Beterinaryo ng Siyudad.

**SEC. 3.** Any person found in possession of a dead animal without being the lawful owner or possessor thereof or without having submitted the report herein prescribed shall be deemed to have acquired or retained the same for human consumption.

**TUNT. IKA-3.** Sino mang taong matagpuang nag-aangkin ng isang patay na hayop nang hindi siya ang tunay na may-ari o dapat mag-angkin niyan o hindi naghaharap ng ulat na itinatakda rito ay ipalalagay na kaniyang natamo o pinipigil iyan upang ipakain sa tao.

**SEC. 4.** Any violation of this Ordinance and possession or acquisition of a dead animal for human consumption (except animals sacrificed in public slaughterhouses) shall be punished by a fine of not less than fifty pesos or by imprisonment for not less than thirty days, or both.

**TUNT. IKA-4.** Alin mang paglabag sa Kautusang ito at ang pag-aangkin o pagkuha ng isang patay na hayop upang kanin ng tao (maliban ang mga hayop na pinatay sa pakatayang bayan) ay parurusahan ng isang multang hindi kukulangin sa limampung piso o ng pagkabilanggong hindi kukulangin sa tatlung araw, o ang magkalakip na parusa.

**SEC. 5.** This Ordinance shall take effect on January 9, 1944.

**TUNT IKA-5.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa ika-9 ng Enero, 1944.

Done in the City of Manila, this 3rd day of December, 1943.

Inilagda sa Siyudad ng Maynila, ngayong ika-3 araw ng Disyembre, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO  
Mayor

(May lagda) LEON G. GUINTO  
Alkalde

## MEMORANDUM

February 6, 1944

FOR ALL DISTRICT CHIEFS AND  
THE METROPOLITAN CONSTABULARY COMMANDERS—

For the purpose of coordinating the work relating to the giving of free transportation to provincial residents of the City of Manila who may desire to return to their respective home-towns, the following instructions are hereby prescribed for the information and guidance of all concerned:

1. Any member of a neighborhood association in the City of Manila who may apply for free transportation to return to his home-town, must secure a letter from his respective neighborhood association leader or district president, who shall certify to the fact that the applicant and members of his family who may also desire to return home, are registered members of neighborhood association No. .... The application together with the certificate issued by the neighborhood association leader or district president shall be forwarded to this Office, through the corresponding District Chief who shall make his comment and recommendation thereon. Likewise, the District Chief shall require the said applicant to give samples of his signature and thumb-mark as well as those of the members of his family who will return with him to the province and whose ages are from 16 years up. The papers concerning the application together with the samples of the signatures and thumbmarks of the applicants shall be sent to this Office.

2. The Metropolitan Constabulary Commander shall be furnished with a list of all applicants for free transportation together with samples of their signatures and thumbmarks and such other data concerning their personal circumstances, for the purpose of verifying whether such applicants are wanted by the authorities concerned, in which case, this Office shall be informed thereof immediately, so that proper action may be taken accordingly. In the meantime, the papers concerning the application for free transportation will be referred to the Director of Public Welfare who, after making the necessary investigation in each and every case, shall purchase the corresponding number of tickets from the Rikuun Kanri Kyoku (Manila Railroad) for the applicants who are found to be deserving of such aid. In the case of those who are in a position to buy their own transportation tickets, the Director of Public Welfare or his authorized representative may also, in his discretion, buy tickets in their behalf, the cost thereof to be paid by the corresponding applicants. The applications which may be disapproved by the Director of Public Welfare shall be

## PATALASTAS

Pebrero 6, 1944

SA LAHAT NG PINUNO NG PUROK AT  
SA PINUNO NG KOSTABULARYA METROPOLITANA—

Upang mapag-ugnay-ugnay ang gawaing nauukol sa pagkakaloob ng walang bayad na sasakyan sa mga tagalalawigang naninirahan sa Siyudad ng Maynilang may nais na bumalik sa kani-kanilang bayan, ang sumusunod na mga tagubilin ay inilalagda sa pamamagitan nito upang sumakaalaman at maalinsunod ng lahat ng kinauukulan:

1. Sino mang kagawad ng isang kapisanan ng magkakapitbahay sa Siyudad ng Maynilang humingi ng walang bayad na sasakyan upang bumalik sa kaniyang bayan, ay kailangang magtamo ng isang sulat ng kinauukulang lider niya sa kapisanan ng magkakapitbahay o kaya'y sa pangulo ng purok, na siyang magpapatunay ng pangyayaring ang may kahilingan at kaanak niyang may nais na umuwi sa kanilang bayan, ay mga kasaping natatala sa kapisanan ng magkakapitbahay Blg. .... Ang kahilingan, kasama ang pagpapatibay na ipinagkaloob ng lider ng kapisanan ng magkakapitbahay o ng pangulo ng purok, ay ipadadala sa Tanggapang ito sa pamamagitan ng kinauukulang Pinuno ng Purok, na siya namang magbibigay ng kaniyang kuro-kuro at tagubilin. Gayon din naman, hihingin ng Pinuno sa Purok sa nabanggit na may kahilingan na magbigay ng huwaran ng kaniyang lagda at tatak ng hinlalaki, pati ng sa kaniyang mga kaanak na magsisiuwing kasama niya sa lalawigan at ang mga gulang ay mula sa 16 na taon pataas. Ang mga kasulatang nauukol sa kahilingan, kasama na ang huwaran ng lagda at tatak ng hinlalaki ng mga may kahilingan, ay ipadadala sa Tanggapang ito.

2. Ang Pinuno ng Kostabularya Metropolitana ay pagkakalooban ng talaan ng mga may kahilingang makapagtamo ng sasakyang walang-bayad, kasama ang huwaran ng mga lagda at tatak ng hinlalaki at ang iba pang talang nauukol sa sariling pagkatao, upang matiyak kung ang mga may kahilingan ay ipinahahanap ng mga maykapangyarihang kinauukulan, at sa ganayang pangyayari, ang Tanggapang ito ay pagpapatalastasan kara-karaka, upang ang nararapat na kapasiyahan ay mailagda naman. Sa samantala, ang mga kasulatang nauukol sa kahilingan sa walang-bayad na sasakyan ay ipalilipat sa Patnugot ng Kagalingang-Bayan, na pagkatapos na gumawa ng nauukol na pagsisiyasat sa lahat at bawa't isang pangyayari, ay magpapabili ng nauukol na bilang ng mga bilyete sa Rikuun Kanri Kyoku (Manila Railroad) para sa mga may kahilingang mapagkilalang karapat-dapat sa nabanggit na tulong. Sa pangyayari sa mga na sa kalagayang makabili ng kanilang sariling bilyete sa sasakyan, ang Patnugot ng Kagalingang-Bayan o ang kaniyang pinahintulutang kinatawan, ay maaari rin, ayon sa kaniyang kapasiyahang makapagpapabili ng mga bilyete para sa kanila, nguni't ang halaga niyan ay pagbabayaran ng kinauukulang may mga kahilingan. Ang mga kahilingang hindi pagtibayin ng Patnugot

returned to this Office so that further steps may be taken accordingly.

3. As much as may be practicable, a group of between 40 and 60 persons will be sent daily to their respective provinces until all provincial residents now in the City of Manila shall have returned to their respective home-towns.

4. All members of the outgoing group will be given proper identification to readily distinguish them from the ordinary passengers, this being necessary to preclude the possibility of the evacuees selling their tickets to other parties with profit. The parties who may depart on a given date shall be accompanied to the station by a representative of the Bureau of Public Welfare, the Metropolitan Constabulary and this Office, whose duty it shall be to see to it that all parties concerned are sent aboard the train, ship or truck, as the case may be, which may leave on that date for their respective destination.

After the parties shall have left the City for their respective provinces, it shall be the duty of the District Chief to instruct the district president or neighborhood association leader concerned to drop from the rolls of the corresponding neighborhood association the names of such departing members who shall henceforth not be entitled to any privilege granted a member of a neighborhood association in the City of Manila.

(Sgd.) LEON G. GUINTO  
*Mayor*

(May lagda) LEON G. GUINTO  
*Alkalde*

ng Kagalingang-Bayan ay ipababalik sa Tanggapang ito upang ang nauukol na hakbang ay magawa.

3. Hangga't maaaring maisagawa, ay isang pulutong ng mula sa 40 hanggang 60 katao ang pabalikin araw-araw sa kani-kanilang lalawigan hanggang sa lahat ng mga taga lalawigan naninirahan ngayon sa Siyudad ng Maynila ay makabalik sa kani-kanilang bayan.

4. Lahat ng magkakasama sa paalis na pangkat ay pagkakalooban ng nababagay na pagkakakilanlan upang mapatangi sila sa karaniwang manlalakbay. Ginagawa ito upang maiwasan na ang magsisialis na ito'y makapagbili ng kanilang bilyete sa ibang tao na makikinabang pa sila. Ang magkakasamahan magsisialis sa isang nakatakdamang araw ay sasamahan sa himpilan ng isang kinatawan ng Kawanihan ng Kagalingang-Bayan, ng Kostabularya Metropolitana at ng Tanggapang ito, na ang tungkulin ay matiyak na ang lahat ng may kahilingang umalis ay napalulan sa tren, sasakyang dagat o trak, ayon sa pangyayari, sa araw na nakatakda sa kanila at patungo sa kani-kanilang bayan.

Pagkatapos na ang magkakasamahan ay makaalis sa siyudad upang patungo sa kanilang lalawigan, ay tungkulin ng Pinuno sa Purok na atasan ang pangulo sa purok o ang lider ng kapisanan ng magkakapitbahay na kinauukulan na alisin sa talaan ng kinauukulang kapisanan ng magkakapitbahay ang mga pangalan ng nagsialis na kagawad, na mula sa nabanggit na araw ay hindi na magkakaroon ng ano mang biyayang ipinagkakaloob sa isang kagawad ng kapisanan ng magkakapitbahay sa Siyudad ng Maynila.

